3

**Republic of the Philippines**
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

Filipino

**MANAGEMENT AND DEVELOPMENT TEAM**

**Development Team:**

**Writer:** Margie P. Cas
**Illustrator:** Jerome B. Lozada
**Layout Artist:**
**Content Editor:** RHODELLA V. RAMIREZ
ELMER D. ORDANIEL
**Language Editor:** RHODONA V. TUGNA
PERLIE O. SABANG

**MANAGEMENT TEAM:**
**DR. MALCOLM S. GARMA**, Regional Director-NCR
**DR. MARGARITO B. MATRUM**, Schools Division Superintendent
**DR. GEORGE O. TIZON,** SGOD Chief
**DR. ELLERY G. QUINTIA**, CID Chief
**MA. GLORIA G. TAMAYO**, Regional EPS-Filipino
**DR. JENNIFER RAMA**, Division EPS-Filipino
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Supervisor
**DR. DAISY L. MATAAC**, Division LR Supervisor/ALS
**NANCY C MABUNGA**, Regional Librarian

**Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili.**

# Aralin 7 — Buod o Lagom: Naibibigay

## Inaasahan

1.Naibibigay ang buod o lagom ng tekstong binasa.
**F3PB-IIIj-16; F3PB-IVi-16**

## Unang Pagsubok

**Panuto:** Basahin at unawain ang teksto. Isulat ang buod nito sa loob ng kahon.

Halinang mamasyal sa makasaysayang lalawigan ng Bulacan, ang pook ng karamihan sa magigiting na bayani ng himagsikan. Kilala ang Obando dahil sa pagdiriwang para sa mag-asawang hindi mag-kaanak. Isang pangunahing atraksiyon din sa San Miguel ang mga bahay na tisa na itinayo noong panahon ng mga Kastila. Isa pang makasaysayang tanawin sa lugar na ito ang Biak-na-Bato na ginawang taguan ni Heneral Aguinaldo at ng mga katipunero. Nasa Malolos naman ang matandang simabahan ng Barasoain na pinagganapan ng Kongreso ng Malolos na naging Unang Republika ng Pilipinas.

(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili.)

## Balik-tanaw

**Panuto:** Magtala ng tatlong mungkahi o solusyon upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 sa tahanan. Isulat ito sa loob ng kahon.

1. ______________________________________________
2. ______________________________________________
3. ______________________________________________

**Panuto:** Itala sa patlang ang mga detalye batay sa paksa na nasa kahon.

Naganap ang Unang Sigaw sa Pugad-Lawin noong ika-23 ng Agosto, 1896 nang matuklasan ng mga kastila ang samahan ng mga katipunero. Buong giting na nakipaglaban ang mga bayani sa pagtatanggol sa Kalayaan. Ang mataas na bantayog sa Balintawak ang magpapaalala sa atin ng Unang Sigaw ng Paghihimagsik.

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

**Konsepto**

Ang **Buod** ay ang pinaikling anyo o salaysay ng teksto. Ito ay maaaring napanood, napakinggan o nabasa. Sa pagbubuod, pinipili rito ang mga pinakamahahalagang ideya at mga sumusoportang ideya o datos. Ito ay pagsasalaysay ng mga pangyayaring naganap sa isang kuwento sa paraang mas madaling maintindihan ng mga mambabasa.

**(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili.)**

**Panuto**: Basahin ang kuwento nang may pang-unawa.

**Tulay na Kahoy**

Dahil sa malakas na ulan, natanggal ang tulay na kahoy malapit sa bahay ni Pipoy Pagong. Hindi tuloy makapasok sa paaralan ang mga bata at trabaho ang kanilang mga kababaryo.



*Iginuhit ni: Jerome P. Lozada*

Madilim-dilim pa, inumpisahan na ni Pipoy hilahin ang isang malaking kahoy na kaniyang nakita. Pagdating ni Kiko Kuneho, naupo siya at pinanood si Pipoy sa kaniyang ginagawa. Natapos din si Pipoy sa pagpatong-patong ng mga bato sa isang dulo ng kahoy, nang maisipan ni Kiko na magbiro.

Parehong abala sa magkabilang dulo sina Pipoy at Kiko. Pagbalik ni Pipoy, napakamot ng ulo at takang-taka kung bakit nawala ang mga bato na kaniyang inilagay. Habang abala si Pipoy sa kabilang dulo, si Kiko naman ay abala rin sa kabilang dulo ng tulay. Sa pagtulak niya ng isang malaking bato ay kasama siyang nahulog sa malamig na tubig ng ilog. "Tulong! Tulong!" sigaw ni Kiko. Hindi pala siya marunong lumangoy. Nakita ni Pipoy ang sinapit ni Kiko at sinagip niya nito. Pagmulat ng mga mata ni Kiko, "Kumusta ka na? Nilagyan kita ng kumot para hindi ka lamigin." Napahiya si Kiko sa ginawa niya kay Pipoy kaya tumulong siya sa paglalagay ng bato sa magkabilang dulo.

**Panuto**: Sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa patlang.

1. Bakit nawala ang tulay sa bayan nina Pipoy Pagong?

   ______________________________________________

2. Paano nakatulong si Pipoy sa kaniyang mga kababaryo?

   ______________________________________________

**(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili.)**

___________________________________________________________


3. Sino si Kiko Kuneho? Ano-ano ang ginawa niya sa kuwento? ___________________________________________________________
4. Sino ka sa dalawang tauhan ng kuwento? Bakit? ___________________________________________________________

- Ang isang mabisang paraang magpapakita sa pag-unawa sa binasa ay kung alam mong ibigay ang buod o pinaikling anyo o sanaysay gamit ang sariling pananalita. May mga tanong na maaaring makatulong sa iyo sa pagbubuod. Ang mga tanong na ito ay maaaring:
    - Paano ito nagsimula?
    - Ano-ano ang sunod-sunod na pangyayari?
    - Ano ang lubhang kapana-panabik na bahagi nito?
    - Paano ito nagwakas?
- Sa pagbubuod, maaaring gamitin ang balangkas, katulad ng nasa ibaba.

| |
|---|
| Tauhan:<br>Tagpuan:<br>Mahahalagang Pangyayari:<br>Suliranin:<br>Buod: |


## Gawain 1

**Panuto**: Pagsunod-sunurin ang mga pangyayari sa binasang kuwento sa pamamagitan ng paglalagay ng bilang 1 hanggang 5 sa kahon. Gamitin ang pinagsunod-sunod na larawan upang muling isalaysay o makabuo ng buod ng teksto.


*Iginuhit ni: Jerome P. Lozada*



*Iginuhit ni: Jerome P. Lozada*


Iginuhit ni: Jerome P. Lozada


Iginuhit ni: Jerome P. Lozada


Iginuhit ni: Jerome P. Lozada

**Gawing gabay ang *rubrics* sa pagbuo ng buod.**

| **Pamantayan** | **Natatangi** | **Nalilinang** | **Nagsisimula** |
|---|---|---|---|
| **Nilalaman 3** | Binubuo ng 5 o higit pa pangungusap at mayroong malinaw na detalye ang pangungusap na nabuo batay sa larawan. (3) | Binubuo ng 3 o 4 na pangungusap. Hindi gaanong malinaw ang diwa ng pangungusap na nabuo batay sa larawan. (2) | Binubuo ng 1 o 2 pangungusap. Hindi malinaw ang diwa ng pangungusap na nabuo. (1) |
| **Organisasyon 2** | Napakaayos ng pagkakalahad ng buod. (2) | Maayos ang pagkakalahad ng buod. (1) | Hindi maayos ang pagkakalahad ng buod. (0) |

**(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili.)**

## Gawain 2

**Panuto**: Basahin ang teksto sa loob ng kahon. Sumulat ng maikling buod tungkol dito.

Ang *ranao* na pinagmulan ng salitang Maranao ay nangangahulugan ng tao sa lawa. Sila ang pinakamalaking bilang sa mga pangkat etnikong Muslim sa Pilipinas. Nakapalibot ang kanilang pamayanan sa Lawa ng Lanao. Ayon sa salsila, nagmula ang mga ninuno ng Maranao sa kaharian ng Bumbaran. Itinuro ng isang Arabong Imam ang relihiyong Islam sa mga Maranao. Ito pa rin ang mahalagang impluwensiya sa pampulitika at panlipunang aspekto ng kanilang buhay.

________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________

## Gawain 3

**Panuto**: Batay sa grapikong balangkas, bumuo ng buod. Ilagay sa loob ng kahon ang buod.

**Pagbaba-kuna laban sa COVID-19**

→ Nagsimula na ang pamimigay ng bakuna laban sa COVID-19. Ayon sa ***WHO*** walang bakuna na 100% na ligtas. Kaya mahalaga ang Vaccine Safety Monitoring Team.

→ Para sa eksperto hindi sapat na pasado lamang sa standard ng ***WHO*** ang bakuna kailangan pa rin ang final data at peer revie bago ipagamit sa tao.

→ Batay sa standard ng ***WHO*** (World Health Organization) dapat ay 50% ang effectivity rate ng bakuna.

## Tandaan

Dapat mong tandaan ang sumusunod na mga paraan sa pagbubuod ng isang teksto.

Basahin muna nang buo ang kuwento o tekstong nais mong ibuod. Alamin ang kasagutan sa mga tanong na **ano**, **saan**, **sino,** **kailan**, at **bakit.** Alamin mo ang pinakapaksa nito o *keywords* na magiging gabay sa pagsulat ng buod. Tandaan ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento o teksto. Iwasan ang paglalagay o pagsingit ng sarili mong opinyon. Gawing payak at tuwiran ang paglalahad ng buod.

## Pag-alam sa mga Natutuhan

**Panuto:** Basahin ang teksto at isulat mo sa malinis na papel ang buod nito.

Si Paul ay isang batang matulungin. Isang araw, habang nag-aabang siya ng sasakyan pauwi ng bahay ay napansin niya ang mag-ina at ang bata na namimilipit dahil sa sakit ng tiyan. Agad niya itong nilapitan at tinulungang makasakay sa dyip. Kahit nagmamadali siya sa pag-uwi ay pinauna niya ang mag-inang sumakay. Nagpasalamat sa kanya ang ina bata. Natuwa naman siya dahil nakatulong siya sa munting paraan.

**(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili.)**

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto**: Basahin ang teksto sa loob ng kahon at ibuod ito gamit ang balangkas na iyong natutuhan.

Si Lena ay isang mabuting bata. Kapag inuutusan siya ng kaniyang nanay ay agad niya itong sinusunod. Kahit napakaraming gawaing-bahay ay hindi siya nagrereklamo. Kaya naman ikinatutuwa ni Aling Letty ang ugali ng anak niya at lagi siyang nagpapaalala sa anak na sana ay hindi siya magbago. Isang araw habang naglalaba ay bigla na lang nahilo at natumba si Aling Letty. Agad humingi ng tulong si Lena at dinala siya sa ospital.

(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili.)

## Sanggunian

DepEd Most Essential Learning Competencies Kuwarter 4: Linggo: 7
Competency Code: F3PB-IIIj-16; F3PB-IVi-16
https://www.slideshare.net/jeanyvin/pagsulat-ng-buod
https://brainly.ph/question/237782
https://youtu.be/bPOckxg7xEI

## Susi ng Pagwawasto

Balik-Tanaw:

A. 1. Ugaliin ang paghuhugas ng kamay.
2. Magsuot ng face mask at face shield.
3. Kumain ng masustansiyang pagkain.

B. Paksa: Unang Sigaw sa Pugad Lawin
Mga detalye: Naganap ito noong ika-23 ng Agosto, 1896. Buong giting na nakipaglaban ang mga bayani para sa kalayaan. Ang bantayog sa Balintawak ay nagpapaalala ng Unang Sigaw ng Paghihimagsik.

Gawain I

Inanod ng malakas na ulan ang tulay na kahoy.
Inumpisahang hilahin ni Pipoy Pagong ang malaking putol ng kahoy upang gawing tulay.
Nagbiro si Kiko Kuneho at tinanggal niya ang mga batong pinagpatung-patong ni Pipoy Pagong.
Nahulog sa tubig si Kiko Kuneho sa pagtulak niya ng malaking bato at tinulungang siya ni Pipoy Pagong.
Tumulong si Kiko sa paglalagay ng tulay, at Natuwa ang kanilang mga kabaryo.

Gawain II

Ang Maranao ay nagmula sa salitang ranao. Sila ang pinakamalaking ng etnikong Muslim. Naninirahan sila sa pamayanang malapit sa lawa. Islam ang kanilang relihiyon.

Pag-alam sa Natutuhan

Si Paul ay batang matulungin. Tinulungang niya ang mag-ina na unang makasakay sa dyip dahil sa may sakit na nararamdaman ang anak nito. Pinasalamatan siya ng mag-ina.

Pangwakas na Pagsusulit.

**(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili.)**